

Pag-abot sa mga magulang bilang ka-partner sa pag-aaral

Tumatanggap na ngayon ng mga mga aplikasyon para sa

MGA TULONG SA PAG-ABOT SA MGA MAGULANG (PARENTS REACHING OUT GRANTS)

Ang mga Tulong sa Pag-abot sa mga Magulang ay sumusuporta sa mga magulang para makahanap ng mga lokal na solusyon upang matulungan ang mas maraming magulang na makisangkot at magsuporta sa tagumpay ng kani-kanilang mga anak sa paaralan.

May 2 uri ng mga tulong sa Pag-abot sa mga Magulang:

- 1) ang mga tulong para sa mga paaralan** ay maibibigay lamang sa mga konseho ng paaralan. Makakapag-aplay ang mga konseho ng paaralan upang masuportahan ang mga inisyatiba na nakatuon sa pag-abot sa mga magulang na napipigilan upang makisangkot sa pag-aaral ng kanilang anak gaya ng mga sagabal sa wika, kakulangan ng kaalaman sa sistema ng paaralan ng Ontario o iba pang mga dahilan.
- 2) ang mga tulong para sa mga proyektong pangrehiyon/pamprobinsya** ay makukuha ng mga samahan ng magulang at mga lupon ng paaralan, mga samahang non-profit at mga institusyong matapos ang sekundarya na kumikilos na kabalikat ang mga magulang.

Anong uri ng mga proyekto ang napopondohan sa pamamagitan ng mga tulong sa Pag-abot sa Magulang?

Libo-libong mga proyekto ang napopondohan sa buong Ontario. Ang ilan sa kabilang sa mga ito ay:

- “*Ang Kanilang Tagumpay ay Depende sa Amin*” sa St Gregory Separate School – Powassan (Nipissing-Parry Sound Lupon ng Paaralang Distrito Katoliko)
Isa itong Sentro ng Suporta sa Magulang na nag-aalok sa mga magulang ng mga workshop na panggawain agad at mapagkukuhanan nang saklaw ang mga paksang gaya ng mabisang mga komunikasyon sa paaralan at sa bahay gayon din ng suporta ng grupo sa pagbibilang para matulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na magtagumpay sa paaralan.
- “*Mga Aklat para sa Almusal*” sa Paaralang Pampubliko ng CC Carrothers – London (Lupon ng Paaralang Distrito ng Thames Valley)
Isang seryeng mga sesyon sa almusal at pagbasa para sa mga magulang at mga bata. Nakikipag-usapan ang mga panauhing awtor sa mga magulang at mga bata habang may sesyon ng almusal at pagkatapos ay magbubukas ng isang maikling programa para mapag-usapan ng mga magulang ang mga paraan sa pagpabuti at pagdaragdag ng mga kasanayan sa pagkatuto at pagyamanin ang pagmamahal sa pagbasa.
- “*Mga Estratehiya ng Kaligtasan ng Buhay sa Gawaing-Bahay*” sa Paaralang Pampubliko ng Britannia – Mississauga (Lupon ng Paaralang Distrito ng Peel)
Mga Workshop para sa mga magulang na nakatuon sa mga estratehiya sa gawaing-bahay, pagkilala sa inyong anak, mga kasanayan sa pagiging-magulang at kung paano susuportahan ang kanilang gawaing pampaaralan sa bahay.

- **Magbasa pa ng matatagumpay na mga kuwento sa Pag-abot ng mga Magulang sa www.edu.gov.on.ca/eng/parents/success.html**

- **Paano mag-aplay:**
Makukuha ang mga karagdagang impormasyon at form ng aplikasyon sa www.edu.gov.on.ca/eng/parents/reaching.html

- **Mga Tanong?**
Kung kailangan pa ninyo ng karagdagang impormasyon, mangyaring ipadala ang inyong mga katanungan sa support@smartsimple.com o tumawag sa **416-325-2929** o sa libre ang toll na **1-800-387-5514**.